# Ang **Saligang Batas** sa Komunidad ng Paaralan

**Collaborative. Respectful. Communication.**
**Matulungin. Magalang. Komunikasyon.**

Ang sumusunod na Saligang Batas sa Komunidad ng Paaralan ay nagbabalangkas ng mga tungkulin ng mga magulang, tagapag-alaga, guro at kawani ng mga pampublikong paaralan sa NSW upang matiyak na ang ating mga kapaligiran ng pag-aaral ay matulungin, nagsusuportahan at nagkakaisa.

## Ano ang naibibigay ng ating mga paaralaan

Ang mga pampublikong paaralan sa NSW ay nagtatrabaho upang bumuo ng mga positibong kapaligiran para sa mga estudyante, kawani at ang buong komunidad ng paaralan na sumusuporta sa pag-aaral ng mga estudyante. Sinisikap namin na makilala ang bawat estudyante, mapahalagahan at maaalagaan.

Ang pinakamahusay na edukasyon ay nangyayari kung ang mga magulang at paaralan ay nagtutulungan.

Ang Saligang Batas sa Komunidad ng Paaralan ay nakaugnay sa Planong Pang-estratehiko ng NSW Department of Education sa 2018 – 2022.



## Positibong mga kapaligiran

Mahalaga na ang mga pampublikong paaralan sa NSW ay may positibong mga kapaligiran at nalalaman ng mga magulang at tagapag-alaga ang pag-unlad ng estudyante at mga patalastas ng paaralan.

Aasahan ng mga magulang at tagapag-alaga na:

- sila ay maluwag na pinahihintulutan sa mga paaralan upang makipagtulungang mapapaunlad ang pag-aaral ng mga estudyante.
- ang mga komunikasyon mula sa kawani ng paaralan ay tama sa oras, magalang at nakakapagbigay impormasyon.
- ang ugnayan sa mga kawani ng paaralan ay nakabatay sa walang pagdududa, tapat at may paggalang sa magkabilang panig.
- matrato ng makatarungan. Ang pagpapasensya at pag-uunawa ay itinataguyod habang iginagalang namin na may mga pagkakakaiba.

Iginagalang namin ang bawat isa

Inuuna namin ang kapakanan ng lahat na estudyante at kawani

**Ang peligrosong pag-aasal** ay hindi pinapayagan sa aming mga paaralan

Kami ay nakikipagtulungan sa paaralan

**Binibigyang-katiyakan na may mga magalang na kapaligiran sa pag-aaral para sa lahat ng mga miyembro ng komunidad ng pampublikong paaralan sa NSW.**




Gumagawa kami ng mga nagtutulungang kapaligiran para sa pag-aaral

Lahat kami ay may ginagampanang bahagi

Kami ay nagtutulungan sa paggawa upang mapaunlad ang pag-aaral ng mga estudyante

## Pakikipagkomunikasyon sa ating mga paaralan

Hahanap ang aming mga kawani ng oras para makausap kayo ng masinsinan. Mangyari pong intindihin na habang ang ating mga kawani ay nasa klase o may ibang inaasikaso, maaaring hindi nila kayo masasagot kaagad.



Ang aming mga paaralan at komunidad ay magtitiyak na ang mga nakasulat na komunikasyon ay nararapat, makatarungan at madaling mabasa. Hinihikayat namin kayo na gamitin ang email at social media nang tama upang makipag-ugnayan sa paaralan at malaman ang mga darating na pangyayari sa komunidad ng paaralan.

Ang aming patnubay para sa mga magulang, tagapag-alaga at estudyante ay nagbibigay ng mga nakakatulong na impormasyon tungkol sa proseso ng pagreklamo: https://education.nsw.gov.au/about-us/rights-and-accountability/complaints-compliments-and-suggestions/guide-for-parents-carers-and-students

## Ang magalang na komunikasyon ay isang karapatan



Sa lahat ng mga lugar ng trabaho, lahat ng mga tao ay may karapatan na sila ay igagalang. Ang mga pag-aasal na hindi kanais-nais at nakakasakit ay walang lugar sa ating komunidad ng paaralan.

Upang matiyak ang kapakanan ng ating mga estudyante, kawani at komunidad sa ating mga paaralan, may mga gagawing hakbang upang matigil ang mga hindi kanais-nais na pag-aasal. Maaaring kabilang nito ang pagbabawal na makikipag-ugnayan sa komunidad ng paaralan o, sa mga malalang kaso ang pag-uulat sa NSW Police.



## Kabilang, ngunit hindi limitado, sa mga hindi kanais-nais na pag-aasal ay:

- Mga gawaing agresibo o pananakot, katulad ng karahasan, muwestrang pananakot o masyadong nilalapitan.
- Mga salitang agresibo o pananakot kasama na ang paggamit ng mga malalaswa, may pagkasekswal, rasismong salita o mga paninirang komento o magaspang na tono.
- Naiibang pagtatrato sa mga miyembro ng komunidad ng paaralan dahil sa mga aspetong katulad ng kanilang relihiyon o kapansanan.
- Hindi nababagay at nagsasayang ng oras na komunikasyon.

**Matulungin.**
**Magalang.**
**Komunikasyon.**